タガログ語訳

# Para sa Walang Makuhang Guarantor/ Emergency Contact sa Pagrenta ng Apartment o Bahay

川崎市

## Gabay sa Sistema ng Suporta sa Paninirahan sa Kawasaki City

Ang mga tulong na sumusunod ay ginagawa kung nais umupa ng pribadong paupahang bahay, Apartment at iba pa. Para sa kayang magbayad ng renta ngunit di makakita ng Guarantor at emergency contact person, at kung di makapag renta ng tirahan. Layunin ng sistemang ito na masukat ang katatagan ng paninirahan at seguridad sa pag-asa na makaka-upa.

*Ginagawa ang garantiya sa pananalapi ng kompanyang guarantor na itinalaga ng Kawasaki City tulad ng rentang di pa bayad, gastos sa kasalukuyang pagpapa-repair pagtapos umalis, at bayad sa pagtapon ng mga naiwang gamit.

* Ang Kawasaki City Support group ay nagpapadala ng Interpreter kung magkaproblema dahil sa di pagkakaunawaan dahil sa wika, at para proteksyunan ang mga maninirahan.

### Para Kanino Ito? (Target person)

1. Mga dayuhang may tatak sa Residence Certificate o Resident Card o Special Permanent Resident (nagpapatunay na siguradong nakarehistro na Resident card o Special permanent resident)
2. Mga taong nagtatrabaho sa loob ng lungsod.
3. Mga taong nag-aaral sa loob ng lungod.

Iba pa, Para rin ito sa mga taong may kapansanan at Senior citizen.

### Mga iba pang Kondisyon:

◎ Mga taong kayang magbayad ng renta, may matatag na kita, pensiyon o sa welfare assistance.

◎ Mga taong kayang mamuhay na nagsasarili.

◎ Mga taong may kamag-anak o kakilala sa Japan ※ na matatawagan sa oras ng emergency.

※Iba ito sa guarantor, Hindi kailangan managot sa mga bayarin. Kung nagsumikap maghanap ng emergency contact person pero nahihirapan, makipag-ugnayan kaagad sa Kawasaki City Housing Supply Corporation.

### Pasanin ng maninirahan

◎Babayaran sa guarantor company ang 35% na halaga (gayunpaman, may minimum guarantee fee) ng 2 taon na upa at common service fee, babayaran ito ng isahan sa oras ng pag-upa at pagbago ng kontrata.

◎ Magkakaroon ng 2 taon na special contract para sa fire insurance

- Tenant's Liability Insurance ay nagkakahalaga ng 10 milyon yen mahigit.
- Personal Liability Insurance ay nagkakahalaga ng 10 milyon yen.

## Mga bagay na gagawin ng guarantor na kompanya

Tungkulin na garantiyahan ang ① at ② kapag di nakakabayad ng renta at iba pa.

① Renta na hindi nabayaran at di sinasadyang delay na bayad.
(Ang maximum na aakuin ay hanggang 7 buwang renta at bayad sa pamamahala)

② Gastusin sa pag-aayos ng tinirahan at pagtapon ng naiwang kasangkapan at gamit.
(Ang maximum na aakuin ay hanggang 3 buwang renta at bayad sa pamamahala [kaltas na ang deposito])

※Pagtapos, ang mga umupa ay magbabayad sa guarantor na kompanya sa mga advance na binayarang renta at iba pa ng guarantor na kompanya.

## Paano Maghanap ng Bahay Paupahan

Ang mga paupahang bahay ay nasa pamamahala ng Real estate agencies na nakarehistro bilang "Cooperative Real Estate Agencies". Namimigay ng listahan ng Cooperative Real Estate agency ang Kawasaki Housing Corporation at Urban development Housing Bureau. Pumunta lamang sa real estate agencies na nasa listahan at maghanap ng paupahang bahay.

## Para sa karagdagang inpormasyon

・Kawasaki-shiJutakuKyokyukosha
(Korporasyonng Pabahay sa Kawasaki)
KAWASAKI CITY HOUSING CORPORATION

**TEL 044-244-7590**

FAX 044-244-7509

〒 210-0006 Isago bldg. 1-2-4, Isago, Kawasaki-ward, Kawasaki City

・Kawasaki-shi Machizukuri -kyoku, Jutakuseibi-ka
(Dibisyon sa pagpapanatili ng pabahay, awtoridad sa pagpaplano ng bayan sa Kawasaki)

**TEL 044-200-2997**

FAX 044-200-3970

〒210-8577, 1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ward, Kawasaki City

**Iba pang tanggapan ng konsultasyon para sa dayuhan**

◎**Kawasaki Shi Kokusai Koryu Kyoukai** (Kawasaki International Exchange Association) **(May mga staff na marunong ng ibang bansang wika)**

Counter na tumutulong sa mga dayuhang mamamayan na mayroong iba't-ibang problema at kahirapan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Wala pong bayad ang konsultasyon.

**TEL 044-435-7000** FAX 044-435-7010

〒211-0033 2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ward, Kawasaki City

◎ Kanagawa Housing Support Center for Foreign Residents
**(May mga staff na marunong ng ibang bansang wika)**

Makakakuha ng konsultasyon at mahusay na serbisyo ukol sa problema sa tirahan. Kung hindi kayo maka-upa ng tirahan dahil foreigner o dayuhan o hindi alam ku ng paano maghanap ng mauupahang bahay o walang guarantor, Paki tawagan ito.

**TEL 045-228-1752** FAX 045-228-1768

〒231-8458 2F, Yokohama YMCA bldg, 1-7 Tokiwa-cho, Naka-ward, Yokohama City